Pangalan: ____________________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: ________________ Petsa Nang Natapos: _______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Paggamit ng Pokus ng Pandiwa: Layon at Tagaganap**

**I. PANUTO:** Salungguhitan ang pandiwa at bilugan ang tuon ng pandiwa sa pangungusap na nasa bawat bilang. Ilagay sa patlang kung ang pokus ng pandiwa ay tagaganap o layon.

__________1. Pinahiran niya ng mantikilya ang kawaling paglulutuan.

__________2. Umalis nang masaya ang mag-ama matapos silang matulungan.

__________3. Magluluto ang nanay ng inasal na manok sa Linggo.

__________4. Nasira ng bagyong Ulysses ang pamayanan ng mga taga-Isabela.

__________5. Ipasasara ng pamahalaan ang mga kompanyang hindi nagbibigay ng tamang pasahod sa mga empleyado.

**II. PANUTO:** Tukuyin kung anong pokus ng pandiwa ang ginamit sa mga pangungusap. Isulat ang sagot sa espasyo bago ang bilang.

___________ 6. Iniluto ni Martha ang gulay na binili ng asawa sa palengke.

___________ 7. Iwinagayway ng manlalaro ang bandila ng Pilipinas dahil sa pagkapanalo.

___________ 8. Tumula ng isang magandang piyesa si Clara sa pagtitipon kagabi.

___________ 9. Magtitipon ang mga magkakaibigang Martha, Riza, at Ken makalipas ang ilang taong hindi pagkikita.

___________ 10. Isinabit ni Jose ang lambat sa kaniyang likuran papuntang dagat.